Pahintulot ng magsasaka para sa Monitoring, Evaluation and Learning (ME&L)
(*Non-RCM farmers*)

Ako, si _____ ay pinahihintulutan si _____
(pangalan ng magsasaka) *(pangalan ng nag-iinterview)*
na ako ay kapanayamin at kumuha ng mga impormasyon sa akin gamit ang mga katanungan sa *Monitoring, Evaluation and Learning*.

Ako ay pumapayag sa mga sumusunod:

- Ang aking partisipasyon sa panayam ay boluntaryo at walang bayad
- Nauunawaan ko na ibibigay ko ang aking personal na impormasyon tulad ng buong pangalan,kapanganakan, tirahan, at pagmamay-ari ng lupang aking sinasaka, numero ng telepono (kung meron) at pangangasiwa sa palayan
- Ang mga personal na impormasyon na aking ibibigay ay maaaring gamitin, boluntaryo at ekslusibo para lamang sa *Monitoring, Evaluation and Learning*
- Ang nakuhang mga impormasyon sa pakikipanayam sa akin ay itinatabi at pinoproseso ng *Department of Agriculture* (DA) sa loob ng sampung (10) taon mula nang ibigay ko ang mga impormasyon
- Ang layunin ng nakolektang impormasyon ay gagamitin lamang sa *Monitoring, Evaluation and Learning* ng mga pangagasiwa ng palayan ng mga magsasaka na hindi pa nakakagamit ng rekomendasyon mula sa *Rice Crop Manager* (RCM)
- Maaaring gamitin ng DA ang mga ibinigay kong impormasyon upang isama sa *database* ng mga magsasaka at mangingisda para sa pagbibigay ng mga ayuda at iba pang mga tulong sa hinaharap tulad ng RCM at iba pang mga proyekto.

Ipinaalam sa akin ang aking mga karapatan bilang paksa ng data (*data subject*), kabilang ang karapatang tumutol , pag-*access* at pagtatama ng aking mga personal na impormasyon. Ang aking personal na impormasyon ay protektado sa ilalim ng naaangkop na batas ng Pilipinas, kasama ngunit hindi limitado, sa *Data Privacy Act of 2012* (*hereinafter* "DPA"). Kaya, nauunawaan ko na ang lahat ng personal na impormasyon na ibinigay ko ay mananatiling lihim at protektado ng DA sa pamamagitan ng angkop na panukalang seguridad para proteksyon ng impormasyon. Sa maling paggamit ng mga impormasyon na aking ibinigay, ang aking reklamo ay tutugunan ng *International Rice Research Institute* o IRRI at/o ng DA. Maaari din akong maghain ng reklamo sa *National Privacy Commission* alinsunod sa DPA.

Pinapatunayan ko na ang pahintulot ay binasa sa akin sa lengwaheng alam at nauunawaan ko at alam na alam ko ang kahulugan nito.

Pangalan ng magsasaka_____ Lagda/Thumb mark_____

Petsa: _____